



May mga screening para sa kanser sa kwelyo ng matris, nang walang bayad, para sa mga banyagang kasambahay

*Mayroon ilang pagsusuri o screening tests na makukuha nang first-come, first-served*

## Pangkalahatang FAQ sa Kanser sa Cervix

### Ano ang Programang Helping our Helpers?

Ang Helping our Helpers ay isang programang nag-aalok ng mga screening para sa kanser sa kwelyo ng matris (cervix) nang walang bayad para sa mga banyagang kasambahay sa Singapore.

Ang kanser sa cervix ay pangatlo sa pinakakaraniwang kanser na nakakaapekto sa mga kababaihan sa Pilipinas at pangalawa sa pinakakaraniwan sa mga kababaihan sa Indonesia, India at Myanmar.<sup>1</sup>

Sa pamamagitan ng pagtugon sa mga kakulangan sa edukasyon at akses sa screening, umaasa kaming mapababa ang insidente ng kanser sa cervix, para magkaroon ang mga kababaihan ng produktibong buhay sa loob ng pamilya at lipunan.

Ang Helping our Helpers ang kauna-unahang programa na nag-aalok sa 500 babaeng edad 30 hanggang 69 na taong gulang ng pagsusuri sa kanser sa cervix nang walang bayad gamit ang mga pagsusuri sa human papillomavirus (HPV) DNA.

Available ang mga limitadong screening nang first-come, first-served.

### Ano ang kanser sa cervix?

Ang kanser sa cervix ay isang uri ng kanser na nagsisimula sa cervix, na ibabang bahagi ng matris, at binubuo ng milyon-milyong cells. Maaaring maganap ang mga pagbabago sa mga cells na ito at, kung hindi gagamutin, ay maaaring maging kanser sa cervix. Sa buong mundo, ang kanser sa cervix ang pang-apat na pinakakaraniwang uri ng kanser sa mga babae.<sup>2</sup>

### Ano ang pre-cancer?

Ang pre-cancer ay kapag unang nakita ang mga pagbabago sa cervix bago ito maging kanser sa cervix. Kung maagang matutuklasan at mabibigyan ng angkop na paggamot, mapipigilan ang karamihan sa mga kaso ng pre-cancer na maging kanser sa cervix.<sup>3</sup>

### Ano ang nagsasanhi ng kanser sa cervix?

Mahigit 99% ng mga kaso ng kanser sa cervix ang sanhi ng impeksiyong dulot ng HPV.<sup>4</sup> Napakakaraniwan ng impeksiyong dulot ng HPV. Sa katunayan, 4 sa 5 babae ang nalalantad dito sa isang punto sa kanilang buhay.<sup>5</sup> Mayroong mahigit 100 iba't ibang uri ng HPV, kung saan 14 ang itinuturing na high risk o pinakadelikadong maging kanser sa cervix.<sup>6,7</sup> Sa 14 na high risk o pinakadelikadong uring ito, ang HPV 16 at 18 ang sanhi ng 70% ng lahat ng kaso ng kanser sa cervix.<sup>8</sup>

### Paano nakukuha ang HPV?

Maaaring makakuha ng HPV ang sinumang nakikipagtalik - kahit pa isa lang ang nakakatalik mo o kahit na gumagamit ka ng mga condom. Ang HPV ay maaaring mabuhay sa katawan nang mahigit 10 taon nang walang sintomas<sup>1</sup> hanggang sa magkaroon ng pre-cancer sa cervix at lumala ito, kaya maaaring may taglay ka nang virus kahit napakaraming taon na mula noong nakikipagtalik ka.

### Bakit mahalaga ang pagpapasuri para sa high risk o pinakadelikadong HPV?

Ang HPV ang nangungunang sanhi ng kanser sa cervix, na dahilan ng 99% ng lahat ng kaso.<sup>4</sup> Gayunpaman, kadalasang walang sintomas ang mga impeksiyong dulot ng HPV, kaya malalaman lang ng babae kung mayroon siyang virus sa pamamagitan ng pagpapasuri.

Malalaman ng doktor mula sa pagsusuri para sa high risk o pinakadelikadong HPV kung may posibilidad ang isang pasyente na magkaroon ng mga pre-cancerous na pagbabago sa cervix.

### Sino ang dapat magpa-screen para sa HPV?

Dapat magpasuri para sa HPV ang mga babaeng nasa 30 hanggang 69 na taong gulang na naging aktibo sa pakikipagtalik. Maliban kung magpasuri ang isang babae para sa HPV, malabong malaman niya kung may taglay siyang virus dahil karaniwang wala itong sintomas.

Nagbibigay-daan sa mga babae ang pagsusuri para sa HPV na malaman ang posibilidad nilang magkaroon ng kanser sa cervix at nagbibigay-daan ito sa kanilang doktor na mapamahalaan at mapigilan ang paglala ng sakit. Maaaring mas maging mabisa ang paggamot at higit sa lahat ay makapagligtas ng mga buhay ang maagang pagkatuklas ng kanser sa cervix sa pre-cancer na yugto.

### Paano isinasagawa ang pagsusuri para sa HPV?

Ang pagsusuri sa HPV ay isang simpleng pagsusuri na isinasagawa sa paraang katulad sa Pap Smear. Ang pagsusuri para sa HPV ay karaniwang isinasagawa ng isang general practitioner o gynaecologist.

### Kung positibo ang pagsusuri ko para sa HPV, ibig bang sabihin nito ay mayroon akong kanser sa cervix?

Mahalagang maintindihan na ang positibong resulta ng pagsusuri para sa HPV ay hindi nangangahulugan na tiyak nang may kanser ka sa cervix; gayunpaman, nangangahulugan ito na mas mataas ang posibilidad mong magkaroon ng ganitong karamdaman.<sup>9</sup>

### Ano ang dapat kong gawin kung positibo ang aking resulta sa pagsusuri para sa HPV?

Sasabihin ng isang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan ang mga susunod na hakbang. Maaaring kailanganin ang karagdagang pagsisiyasat.

### Ano ang ibig sabihin kung negatibo ang resulta ng aking pagsusuri para sa HPV?

Kung negatibo ang resulta ng iyong pagsusuri para sa HPV, ibig sabihin ay mababa ang posibilidad mong magkaroon ng kanser sa cervix.<sup>4,9</sup>

Ang negatibong resulta ng pagsusuri para sa high risk o pinakadelikadong HPV ay nangangahulugang napakaliit ng posibilidad mong magkaroon ng kanser sa cervix sa loob ng susunod na 5 taon.<sup>10</sup>

### Kanino ipapaalam ang mga resulta sa pagsusuri?

Ang mga resulta ay pribado at kumpidensyal.

Kung may inirerekomendang karagdagang medikal na atensyon matapos ang positibong resulta ng pagsusuri para sa HPV, mahalagang talakayin ito ng kasambahay sa kanyang employer. Maaaring magbigay ang mga employer ng tulong o saklaw para sa anumang bayaring nauugnay sa mga follow-up na appointment sa ospital.

**Mga Sanggunian:** 1. World Health Organisation. Population factsheets Nakuha noong Abril 17, 2024 mula sa <https://gco.iarc.fr/today/en/fact-sheets-populations#countries> 2. World Health Organisation. Human papillomavirus (HPV) and cervical cancer. Makikita sa: <https://www.who.int/news-room/fact-sheets/detail/cervical-cancer> [huling na-access noong Abr, 2024]. 3. Centers for Disease Control and Prevention. Cervical Cancer. [www.cdc.gov](http://www.cdc.gov). Nakuha noong Abril 17, 2024 mula sa [http://www.cdc.gov/cancer/cervical/pdf/cervical\\_facts.pdf](http://www.cdc.gov/cancer/cervical/pdf/cervical_facts.pdf) 4. Wright TC Jr, Stoler MH, Sharma A, et al. Evaluation of HPV-16 and HPV-18 genotyping for the triage of women with high-risk HPV cytology negative results. *Am J Clin Pathol*. 2011; 136:578-586. 5. Centers for Disease Control and Prevention. Basic Information about HPV and Cancer. Makikita sa: [http://www.cdc.gov/cancer/hpv/basic\\_info/](http://www.cdc.gov/cancer/hpv/basic_info/) [huling na-access noong Abr, 2024]. 6. Kari P Braaten, M. (2008). Human Papillomavirus (HPV), HPV-Related Disease, and the HPV Vaccine. *Reviews in Obstetrics and Gynecology*, [online] 1(1), p.2. Makikita sa: <http://www.ncbi.nlm.nih.gov/pmc/articles/PMC2492590/> [huling na-access noong Marso, 2016]. 7. de Sanjose S, Quint WG, Alemany L, et al. Human papillomavirus genotype attribution in invasive cervical cancer: a retrospective cross-sectional worldwide study. *Lancet Oncol* 2010; 11:1048-1056. 8. Schiffman M, Castle PE, Jeronimo J, Rodriguez AC, Wacholder S. Human papillomavirus and cervical cancer. *Lancet* 2007; 370(9590):890-907. 9. Cancer Council Australia. What does my test result mean? Nakuha noong Abril 18, 2024 mula sa <https://www.cancer.org.au/cervicalexamination/what-does-my-test-result-mean> 10. New Strategies for HPV-based Cervical Screening: *Womens Health (Lond Engl)*. 2013 Sep; 9(5): 10.2217/whe.13.48. doi: 10.2217/whe.13.48 <https://www.ncbi.nlm.nih.gov/pmc/articles/PMC3880859/>

Sa pakikipagtulungan sa: